5

Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**

Hunyo 29, 2022

To: Hepe ng CID
Kinauukulang Tagapamasid at Puno ng mga Paaralang Elementarya
At sa iba pang Kinauukulan

Sa darating na Hulyo 4, 2022 ay magsasagawa ng talakayan bilang paggunita sa ika -126 taong anibersaryo ng pagpanaw ni Marcelo H. del Pilar. Ito ay gaganapin sa sa Museo ni Marcelo H. del Pilar, Bulakan, Bulacan ganap na 9:00 n.u. Ito ay sa pangunguna ni G. Perfecto Martin Pangulo ng KABISERA.

Dahil dito ay inaanyayahang dumalo ang 20 Araling Panlipunang (AP) Guro sa Elementarya sa districto ng Bullakan; 10 Guro ng AP sa distrito ng Balagtas at 10 Guro ng AP sa distrito ng Guiguinto.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa KABISERA: Samahang Pangkalingan ng Bulakan, at Punong patnugot ng Aklat Plaredelina.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito

**ZENIA G. MOSTOLES, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
No. 049 s. 2022

# PAMBANSANG KOMISYONG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS

21 Hunyo 2022

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*School Division Superintendent*
*School Division Office of Bulacan*
*Department of Education*

Sa Pamamagitan ni:
**DR. VIRGILIO LAGGUI**
Panlalawigang Tagapag-ugnay sa Araling Panlipunan
Kagawaran ng Edukasyon – Bulacan

Mahal naming **Dr. Mostoles,**

Isang maalab na pagbati mula sa Museo ni Marcelo H. Del Pilar!

Bilang paggunita sa ika-126 taong anibersaryo ng pagpanaw ni Marcelo H. del Pilar, ang Museo ni Marcelo H. del Pilar ay maglulunsad ng isang panayam na babalik-tanaw sa malungkot na sinapit ni Marcelo H. del Pilar sa Barcelona at sa naging paglalakbay niya pauwi sa lupang tinubuan. Ang talakayan ay pangungunahan ni G. Perfecto T. Martin, Pangulo ng Kabesera: Samahang Pangkalinangan ng Bulakan, at Punong Patnugot ng Aklat Plaridelina.

Kasabay ng lektura ay isasagawa rin ang proyektong Plaridelina sa pamamagitan ng paglulunsad ng anim (6) na aklat--lima (5) sa mga ito ang buhay at mga akda na sinulat nina Mariano Ponce (Tagalog at Espanyol), at Epifanio de los Santos (Tagalog, Espanyol, at Ingles), at isang (1) aklat ng mga tinipong akda ni MHP sa Tagalog.

Kaugnay nito, magalang po kaming humihiling sa inyong mabuting tanggapan sa pakikiisa ng apatnapung (40) kaguruan ng Araling Panlipunan sa nasabing programa na pisikal na gaganapin sa Museo ni Marcelo H. del Pilar sa ika-4 ng Hulyo 2022, sa ganap na ika-9:00 n.u. Ang sertipiko ng partisipasyon ay malugod na ibabahagi pagkatapos ng talakayan.

Para sa karagdagang impormasyon, maaari niyo po kaming *i-email* sa mmhdp@nhcp.gov.ph o tawagan sa numerong 09064809673.

Maraming salamat po!

Sumasainyo,

**ALEXANDER E. AGUINALDO**
Kurator, MMHDP